

Citizen's Health Care Research Pananaliksik sa Pangkaisipang kalusugan ng Pamumuhay



Lalawigan ng Fukushima
Fukushima Medical University

Para sa mga magulang na may sanggol at anak sa elementarya,
kamusta ho ang kondisyon ng inyong anak matapos ang lindol?

Bilang bahagi ng isang detalyadong survey ng kalusugan ng residente kami sa Fukushima Medical University at Komisyon ng kalusugan ay nagsagawa ng pagsurvey ng pangkaisipang kalusugan at pamumuhay.

Itong survey ay para sa,

Hinirang na residente na itinalagang ebakweyson zone,

- ① At ipapadala sa mga batang ipinanganak mula sa pagitan ng Abril 2,2004 at Marso 10,2011 o(mga batang nasa primaryang paaralan sa taong 2011 Marso 11)at kanilang mga magulang.
- ② At sa mga batang ipinanganak mula sa pagitan ng Abril 2,1998 at Abril 1,2004 o(nasa elementary ng taong 2011 Marso 11)at kanilang mga magulang.

Upang maunawaan ang sitwasyon pagkatapos ng lindol, kami ay nais tumulong mapangalagaan ang kalusugan ng pangkaisipan at katawan. At ganoon din sa pagsuporta sa pagkakaroon ng agam -agam at stress pagkatapos ng lindol sa lalong madaling panahon upang maging mapayapa ang pamumuhay. Batay sa resulta ng pananaliksik na natanggap mula sa lahat, nais naming makatulong na maayos at maging mapayapa ang pamumuhay ng mga kabataan sa Lalawigan ng Fukushima. At isinagawa namin ang pag-aaral na ito upang bumuo ng isang support system.

Pagkatapos kolektahin ang Survey...

- ① Base sa nilalaman ng inyong kasagutan sa survey, kung napagdesisyonan ng Health Care Center at Radiology Center na kinakailangan ninyo ng tulong, ang mga clinical psychologists, mga nurse, at mental health support team ang mismong makikipag-ugnayan sa inyo at kokonsulta sa inyo.
- ② Ang mental health support team ay makikipag-ugnayan sa inyong mga katanungan sa telepono, at sa kung kailangan ninyo ng teknikal na suporta.
- ③ Maari naming kayong ipakilala sa naka-rehistrong Doktor sa inyong rehiyon kung kinakailangan.

Nais namin makatulong na maging malusog at ligtas ang mga mamamayan na naninirahan sa lungsod ng Fukushima kaya't nais naming malaman ang kondisyon ng bawa't isa.

Kung may mga katanungan ukol sa survey, mangyaring ipaalam sa nasa ibabang ugnayan.

Na isubmit mo na ba ang Basic Research?



Ang Basic Research ay upang maunawaan ang dosis ng radyasyon na natatanggap ng isang indibidwal at upang mabantayan ng mahabang panahon ang kalusugan ng mga tao kaya't mahalaga ang basic data na ito.

[Makipag-ugnayan]

◆ Katanungan tungkol sa **【Survey sa kalusugan ng damdamin at pamumuhay】**Eksklusibo
Citizens Health Care Radiology Center, Fukushima Medical University
Telepono: 024-549-5170(9:00~17:00 maliban sa weekends at opisyal na holiday.)